gikan sa SILYAB
an dakulang sulo

Enero-Marso 2020
Taon XLIV Blg. 1

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol




## Biguin ang pagpapalawig ng kapangyarihan ng rehimeng US-Duterte

Lubusang nalalantad ang kawalang kahandaan ng rehimeng harapin ang mga sakunang nananalasa sa bansa. Dulot ng pagpapatuloy ng neoliberalismo sa bansa, inutil at mga panakip butas na hakbangin lamang ang ipinatutupad ng rehimen. Samantalang nagpapasasa ang mga dayuhang korporasyon at kontratista at kumakapal ang bulsa ng mga nasa poder, walang sapat na pondo para sa serbisyong panlipunan. Hindi kataka-takang tatlong buwan matapos ang paglaganap ng pandemya sa mundo, Pilipinas ang nangunguna sa buong mundo sa porsyentahe ng mga pasyenteng hindi gumagaling matapos mapatunayang positibo sa COVID-19. Nitong Marso, umaabot sa 1,488 ang nagpositibo sa COVID-19 at 88 ang namatay.

Sa bisa ng EO 70, nakonsentra sa kamay ng pangkating militar ang kontrol sa kabang bayan. Walang anumang paghahanda ang buong reaksyunaryong estado, laluna ang sektor ng kalusugan, sa unos na dulot ng isang pandemya. Sa halip na face masks, alcohol at testing kits, kanyon at baril ang kasagutan

ni Duterte. Ipinatupad ang mga militarisadong lockdown at ipinagbawal ang malayang pagkilos ng mamamayan. Inaprubahan din ng Kongreso ang pagpapalawig ang kapangyarihan ni Duterte na magpatupad ng dagdag pang mga mapanupil at pasistang atas. Inanunsyo rin ang pagbubuo ng isang National Action Plan laban sa COVID-19 na pamumunuan ng mga upisyal-militar sa halip na mga dalubhasa sa kalusugan.

Sa unang linggo pa lamang ng pagpapatupad ng lockdown, 111,000 manggagawa na sa NCR ang naapektuhan. Tinatayang sa buong Luzon ay aabot sa 14 milyon ang kabuuhang bilang ng mga manggagawa at mala-manggagawang maaaring mawalan ng trabaho o maapektuhan ang kabuhayan dahil sa isang buwang lockdown. Walang sapat na transportasyon para sa pagdadala ng mga produktong agrikultural mula kanayunan tungong kalunsuran. Sa Kabikulan, hinarangan maging ang pagdaan ng mga magpapagiling sana ng palay at maghahatid ng suplay sa NFA.

Matinding gutom, pagkabalisa at ligalig ang nakalambong sa bawat tahanang Bikolanong pwersahang isinadlak sa kawalang-aksyon ng militarisadong lockdown. Tiyak na gagawin ni Duterte ang lahat ng pakana para mapanatili ang mala-batas militar na lockdown kahit humupa na ang epekto ng bayrus sa bansa.

## Epekto ng Neoliberal na Patakaran

Sa loob ng mahigit apat na dekadang pamamayagpag ng patakarang neoliberal at pangangayupapa ng sunud-sunod na rehimen sa imperyalistang atas, nanatiling bulnerable sa napakaliliit na krisis pang-ekonomiko't panlipunan ang bansa. Paralisado ang bansa sa mga mas matinding bigwas ng mga ito.

Pagkatapos ng Bagyong Tisoy noong Disyembre 2019, tinatayang aabot sa P9 bilyon ang nawalang kita mula sa sektor ng agrikultura ng rehiyon. Lalong nasadlak sa pagdarahop ang mga manggagawang bukid at mga tenanteng nakaasa sa pagkokopra, pagtatanim ng palay at pagkakaingin. Maraming magbubukid ang napipilitang ibenta na lamang o kaya'y isangla ang kanilang maliliit na parsela ng lupang sinasaka.

Nagsisilbi ito sa agresibong pagpapatupad ng rehimeng US-Duterte at mga paborito nitong kontratista ng programang Build, Build, Build. Minamadali nila ang pagpapadulas ng mga proyektong pinaghahati-hatian at pinakikinabangan ng malalaking negosyante at dayuhang mamumuhunan. Sa kabila ng

gikan sa Silyab
an dakulang sulo

| Taon XLIV Blg. 1 | Enero-Marso 2020 |
|---|---|

Ang Silyab ang rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol.

Bukas ang pahayagan sa mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon.

Hinihikayat din ang lahat na magbigay ng mga puna at mungkahi hinggil sa anumang laman ng pahayagan. Ipadala lamang ang mga ito sa silyabbikol1976@gmail.com.

NILALAMAN

| | |
|---|---|
| Editoryal: Biguin ang pagpapalawig ng kapangyarihan ng rehimeng US-Duterte | 1 |
| Winawaldas ng rehimeng US-Duterte ang kabang-bayan sa gera kontra-mamamayan | 5 |
| Si Manoy Jose at ang Laban ng mga Magsasaka sa Masbate | 6 |
| Ulat Koresponsal | 8 |
| Silyabalita | 11 |
| Produksyon sa Rebolusyon | 16 |
| Kaalamang Medikal | 20 |
| Kurit kang Agipo: Sa mga Bayaning 'Di Kilala | 21 |
| Diwang Rebolusyonaryo | 21 |
| Batoy | 22 |

marojabanua.wordpress.com
Nel Del Mundo
yandex.disk/silyabbikol
@mundo_nel
gintongsilahis50
Ma Roja Banua

agrikultural na katangian ng buong bansa, pilit na pinasasandig ang mga rehiyon sa paimbabaw na paglago ng mga sektor ng turismo, serbisyo, mala-manupaktura at konstruksyon.

Noong Pebrero, naaprubahan ang mga amyenda sa Public Service Act na ibayong nagbukas sa ekonomya ng bansa. Sa bisa ng naturang amyenda, pahihintulutan na ang 100% dayuhang pag-aari sa mga dati ay protektadong larangan ng transportasyon at komunikasyon.

Sa panahong humupa na ang epekto ng COVID-19, tiyak na mabubutas ang tiyan ng mga ordinaryong mamamayan dahil sa sapin-saping pasakit ng pagpapatuloy at higit pang pagpapatindi ng implementasyon ng mga neoliberal na patakaran.

## Pagtindi ng Pasistang Atake at imperyalistang panghihimasok

Sa pagbubukas ng taon, inanunsyo ng pangkating Duterte ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement. Sa likod ng animo'y makabayang deklarasyong ito, gumugulong na ang paggawa sa burador ng isang panibagong kasunduang militar sa pagitan ng bansa at ng imperyalistang US.


Ngayong Pebrero 2020, nakapasa sa huling pagdinig sa Senado ang Anti-Terror Act of 2020 (ATA). Dinaragdagan at pinasasahol ng naturang batas ang dati nang mapanupil na mga probisyon ng Human Security Act 2007. Tulad ng batas na sinusuhayan nito, magdudulot ang ATA ng dagdag na mga atake sa mga batayang karapatan at kalayaan ng mamamayan.Palulubhain din nito ang epekto ng kontra-mamamayang gera alinsunod sa balangkas ng Oplan Kapanatagan.

Sa kalunsuran, matinding crackdown at panunupil ang dinaranas ng mga progresibo at makabayang pwersa at maging ng mga kagawad ng midya't kritiko ng administrasyong Duterte. Binabantaan, tinutugis at pinapaslang ang sinumang kumukwestyon sa hibang na paghahari ni Duterte. Sa kanayunan, magkasabay na nananalasa ang iba't ibang bersyon ng focused military operations (FMO) at ng Retooled Community Support Program (RCSP) na nagkukumbina ng matitigas at malalambot na paraan ng saywar, paniktik at kombat.

Hakbang-hakbang nang ipinatutupad ang EO 70 at sapilitang pinaglalabas ng mga deklarasyong persona non grata at pinalalahok ang mga sibilyang ahensya at ang mga lokal na gubyerno sa mga operasyon at aktibidad ng militar.

Itinatayo at kinukontrol din ng reaksyunaryong gubyerno ang mga kontra-rebolusyonaryong organisasyong nagpapanggap bilang mga non-government organizations (NGO) tulad ng Kabataan Kontra-Droga at Terorismo (KKDAT) at Mamamayang Ayaw sa Anomalya, Mamamayang Ayaw sa Iligal na Droga (MASAMASID).

Masahol pa, maging sa panahong balisa ang sambayanan sa paglaganap ng COVID-19 ay patuloy pa ring nananalasa ang pang-aabuso't paglabag sa karapatang tao ng RCSP teams at mga operasyong kombat ng militar. Tampok nitong nakaraang buwan ang paglabag sa karapatang tao ng mga residente ng mga isla ng Ticao at Burias, Masbate at Sitio Patag Poloan, Caramoan, Camarines Sur.




## Papalaking Bitak sa Loob ng Reaksyunaryong Gubyerno

Mabilis ding nalalantad na ampaw at hindi tunay na konsolidado ang ipinagmamalaking supermayorya ni Duterte. Dumarami at lumalalim ang mga ribalan sa pagitan ng oposisyon at pangkating Duterte. Tumitindi rin ang mga paligsahan, agawan sa pusisyon at kapangyarihan sa loob mismo ng hanay ng kanyang mga tagasunod.

Dahil sa tumitinding mga ribalan, hindi mailusot ni Duterte ang matagal nang linulutong Charter Change. Bilang bahagi ng planong ituloy pa rin ang Chacha, binuo ang Inter-agency Task Force for Charter Change (IATF) na pinamuunan ni DILG Sec. Eduardo

Año at ang Constitutional Reforms Commission (CORE) na naglalapit sa panukalang pagbabago ng Konstitusyon hanggang sa lokal na antas.

Lalo pang palalalimin ng krisis dulot ng COVID-19 ang mga ribalang ito sa pagitan ng reaksyunaryong hanay. Magtatagisan ang mga burukrata kapitalista sa pagpapalapad ng papel at pagsasalba ng sarili sa harap ng paniningil ng taumbayan sa kainutilan ng rehimen. Sa paglagay sa peligro ng mga kawal ng sandatahang lakas ng reaksyunaryong estado bilang frontliners nang walang anumang proteksyon laban sa sakit kundi ang kanilang mga baril, tiyak ding guguho ang pundasyon ng kontrol ng AFP at PNP sa kanilang hanay.

## Malawakang pagkilos ng mamamayan

Ngayon pa lamang, nagsisimula na ang pagningas ng ispontanyong pagkilos ng mamamayan. Sa harap ng walang katiyakan, gutom, takot at ligalig, pinipili ng mamamayang harapin ang COVID-19 at tuwirang pasismo ng mala-batas militar na lockdown.

*Ngayong 2020, dapat tandaang katambal ng mga kontradiksyon sa ilalim ng rehimeng US-Duterte ang dagdag na kahirapan at pang-aaping nararapat lamang salubungin ng malawak na paglaban ng mamamayan.*

Sa Camarines Norte, hindi napigilan ang mapangahas na pag-iipon ng mamamayan sa tapat ng kapitolyo sa kabila ng mahigpit na pagpapatupad ng patakarang social distancing. Sa hangganan ng Bikol at Quezon, malakas ang panawagan para bigyan ng tulong ang mga manggagawang nagnanais umuwi ng prubinsyang sukdulang maglakad nang ilang linggo.

Walang ibang patutunguhan ang mga ispontanyong pagkilos kundi ang paniningil ng mamamayan sa kainutilan ng reaksyunaryong estado. Marapat na magpunyagi ang mga kasapi ng Partido na pamunuan ang mapagpasyang pagkilos ng mamamayan. Kakailanganin ang masikhay at malawak na gawaing propaganda at edukasyon para maikawing ang krisis dulot ng pandemya sa kapalpakan ng pangingibabaw ng neoliberal na kaayusan sa lipunang Pilipino.

Dapat na pamunuan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayan sa pag-iipon ng lahat ng rekurso't tulong sa loob at labas ng bansa upang tugunan ang mga kagyat na pangangailangan ng milyun-milyong anakpawis na pangunahing pumapasan ng bigwas ng mga sakuna at pandemya. Hikayatin ang malawak na hanay ng mga syentista na ipunin ang kanilang talino't karunungan para kagyat na palakasin ang pananaliliksik at pagkukumbina ng alternatibong medisina na tunay na magsisilbi sa masang Pilipino.

Kailangang malawakang itambol ang kawalan ng saysay sa paggamit ng batas militar at lockdown. Ilantad ang pakana ng pangkating Duterte na higit pang palawigin ang kanilang kapangyarihan sa gitna ng krisis ng COVID-19. Igiit ang pagpapahusay ng pampublikong serbisyong panlipunan bilang natatanging paraan upang maging handa ang bansa sa anumang kalamidad. Marapat itambol na higit na malala ang pananalasa ng pasismo at terorismo ng estado ng rehimeng US-Duterte sa buhay at kabuhayan ng masang api kaysa anong sakuna o bayrus na bumayo sa Pilipinas. Marapat na ipanawagan ang pagpapabagsak at pagpapanagot kay Duterte at kanyang mga kasapakat sa kanilang mga krimen sa sambayanang Pilipino.

Higit na napapatampok ngayon ang kawastuhan ng programa ng NDFP at ng demokratikong rebolusyong bayan na isinusulong ng Partido. Marapat na ipopularisa at hamigin ang suporta ng lahat ng makabayang pwersa sa pagsusulong ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER) upang maitulak ang tunay, makabuluhan at pangmatagalang pag-unlad ng agrikultura at industriya sa bansa.


Sustenidong pakilusin ang organisadong lakas ng mamamayan upang pandayin at palawakin ang demokratikong gubyernong bayan. Marapat na magpakahusay sa mapanlikha't mapangahas na pagpapalakas ng kilusang lihim sa kalunsuran upang suportahan ang pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Itayo ang dagdag pang mga ganap na samahang masa (GSM) at mga komiteng rebolusyonaryo (KRB) sa iba't ibang antas na siyang dadaluyan ng tunay na pamumunong nagsisilbi sa interes ng masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Bigyan ng sapat na diin ang sustenidong gawaing edukasyon sa lahat ng mga eryang

kinikilusan. Itayo ang malawak na makinarya sa propaganda at edukasyon upang pandayin ang mapanlabang diwa sa hanay ng masa, BHB at Partido. Pagyamanin ang pagsusuri at pagsisiyasat sa lugar na kinikilusan. Batay sa antas ng organisasyon na inaabot sa erya, magbalangkas ang komite sa edukasyon ng programa sa pagbabasa at pag-aaral ng mga batayang dokumento sa pag-oorganisa sa hanay ng mamamayan, pamumuno at pagpapatupad ng mga Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) at pagpapataas ng paggamay sa teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo at Maoismo batay sa 3-antas na kurikulum.

Magpunyagi sa lahatang-panig na pagpapalakas ang BHB. Ipatupad ang aktibong depensa sa panahon ng tigil-putukan sa gitna ng pagbayo ng COVID-19. Sa pamumuno ng mga naaangkop na komite ng Partido, itulak ang BHB para alpasan ang konserbatismong militar. Organisahin ang malawak na balon ng aping uri para suportahan ang armadong pakikibaka sa kanayunan.Masigasig na pag-aralan ang kalagayan ng erya at mga suhetibong pwersa upang makabuo ng mga balangkas sa lahatang panig na pagharap ng atake ng reaksyunaryong estado. Saan mang mayroong puwang sa sitwasyong militar sa erya, kailangang maging mapangahas at malikhain ang BHB sa pagpapalawak at pagpapasinsin ng pakikidigmang gerilya, hakbang-hakbang na mag-organisa ng baseng masa at isulong ang rebolusyong agraryo.■

## Winawaldas ng rehimeng US-Duterte ang kabang-bayan sa gera kontra-mamamayan




Linulustay ng rehimeng US-Duterte ang yaman ng bansa sa kanyang hungkag na gera kontra-mamamayan. Bilyun-bilyong pondo na ang ilinagak ng rehimen para sa paniniktik, pagpapatupad ng EO 70 at iba pang kampanyang pagpapasuko, mga operasyong militar at pabuya sa kanyang mga mersenaryo. Binubuhusan din ng imperyalistang US ng limpak-limpak na salapi ang pasistang pondo ng rehimeng US-Duterte upang tiyaking mapipigilan nito ang lumalakas at lumalawak na paglaban ng mamamayan.

Kakambal ng pagpaprayoridad sa pasismo, pinabayaan ni Duterte ang mga serbisyong panlipunan at mga tunay na pundasyon ng pambansang ekonomya. Idinulot nito ang matinding kaapihan at kagutuman para sa milyun-milyong masang Pilipino sa buong bansa. Ngayong kinakaharap ng bansa ang paglaganap ng pandemyang COVID-19, lalong nagiging matingkad ang epekto ng pagwaldas ni Duterte sa pondo ng bansa para sa pasismo.

Para sa taong 2019, nagbigay ang imperyalistang US ng hindi bababa sa P10 bilyon sa reaksyunaryong gubyerno bilang ayuda sa gera kontra-mamamayan nito. Naitala rin ngayong 2020 ang pinakamalaking badyet para sa paniniktik at confidential funds sa kasaysayan ng bansa. Mula sa kabuuhang P4.3 trilyong ipinasang badyet para sa kasalukuyang taon, P8.3 bilyon ang nakalaan para sa confidential at intelligence funds ng Tanggapan ng Pangulo at iba pang mga ahensya. Pumalo naman sa P1.7 trilyon ang ilinaan para sa special purpose funds ng Tanggapan ng Pangulo at P425.2 bilyon para sa badyet sa depensa.

Samantala, kinaltasan ng 12 bilyon ang badyet ng Department of Health. Sa kabuuhan, ang badyet para sa serbisyong panlipunan ay aabot lamang sa P251.1 bilyon. Higit na masahol ang kalagayan ng sektor ng agrikultura na linaanan lamang ng 1.6% ng pambansang badyet. Katumbas lamang ito ng P65.2 bilyong badyet para sa buong taon.

Sadyang walang makabuluhang proyekto at programang maipatutupad para sa serbisyong pampubliko sa ganitong hatian ng pondo. Walang ibang ilinatag na programa ang rehimeng US-Duterte para sa pagpapatupad ng mga panlipunang serbisyo kung hindi ang pagpapatupad ng whole-of-nation-approach sa ilalim ng EO 70.

Ipinapaubaya na lamang ni Duterte ang pagpapagana sa lahat ng ahensya ng gubyerno kabilang na yaong mga nakatuon sa mga serbisyong pampubliko sa balangkas na

itatakda ng militar. Sa bisa ng EO 70, ilinaan ang P622 milyon pambansang badyet para sa pagpapagulong ng National Task Force to End Local Communist Conflict (NTF-ELCAC). Higit dito, inoobliga rin ang mga lokal na yunit ng gubyerno, ahensya at iba pang sangay ng gubyernong maglaan ng bahagi ng kanilang pondo para sa implementasyon ng mga programang kaakibat ng EO 70.

Sa pagbubukas ng taon, sa harap ng pananalasa ng COVID-19, inanunsyo ni National Security Adviser Hermogenes Esperon Jr. na magbibigay ang gubyerno ng tig-P20 milyon para sa mga proyekto ng 842 barangay na wala na umanong presensya ng NPA at tig-P1.5 milyon naman para sa 2,739 na mayroon pa rin. Ang P20.9 bilyong pondong ito na ilinaan para sa militarista at pasistang tunguhin ng rehimen ay para sana sa mga proyektong pampubliko ng mga lokal na yunit ng gubyerno.


Naglipana rin sa rehiyon ang mga Barangay Serbisyo Caravan na pinangungunahan ng RTF. Bagamat pondong nakalaan naman talaga para sa serbisyong panlipunan ng mga ahensya ang ginagamit sa mga pakulong ito, pinalalabas ng militar na ito ay bahagi ng pagbibigay-serbisyo ng kanilang hanay na dumadaloy sa RTF.

Ngunit ngayong nasa gitna ang bansa ng krisis na dulot ng COVID-19, hindi maasahan ang mga serbisyo caravan at iba pang programa ng NTF na ipinagmamalaki ng gubyerno. Hindi rin makapaglabas ng pondo ang mga lokal na yunit ng gubyerno dahil dati nang kapos ang kanilang badyet na inobligang ipaloob din sa EO 70. Samantala, walang kakayahan ang mga ahensyang tulad ng DOH dahil wala ring sapat na pondong ilinaan para rito at matagal nang nasa balangkas ng pribatisasyon ang buong sektor ng kalusugan.

Sa plano ng rehimeng magbuo ng National Action Plan laban sa COVID-19, hindi nakapagtatakang muli itong pamumunuan ng militar. Palalabasin lamang ng rehimen na naglalaan na ito ng pondo para sa pagharap sa pandemya gayong ipinagpapatuloy lamang niya ang pagkonsentra ng pondo sa kamay ng kanyang mga militaristang upisyal para sa pagpapatindi ng kontramamamayang gera.

Ang labis na pagkahumaling ni Duterte sa pasismo at ang pagsasawalambahala niya sa kapakanan ng mamamayan ang nagpapalala sa krisis na dulot ng COVID-19. Hindi maaasahan ng sambayanan ang isang gubyernong winawaldas ang pera ng sambayanan para sa kanyang militaristang tunguhin kahit sa panahong mahigpit ang pangangailangan para sa mga serbisyong panlipunan. ■

---




## Si Manoy Jose at ang Laban ng mga Magsasaka sa Masbate

Tanaw ni Manoy Jose ang alikabok sa highway mula sa kanyang niyugan. Dumadagundong na dumaan ang malalaking trak na mayroong dalang graba at semento. Parating na ang malalaking komersyanteng magtatayo ng mga mall, hotel at iba pang destinasyong panturismo.

Ilang buwan na lang, wala nang niyugang matitira kay Manoy Jose at daan-daan pang pamilya sa Masbate.

Pumasok ang Empark Land Development (Empark) sa Brgy. Yangco noong 2017. Proyekto nitong mabuo ang kauna-unahang special economic zone at malawak na destinasyong panturismo sa prubinsya, ang Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone (MPARK-MITESEZ). Sasaklawin nito ang siyam na barangay sa Masbate o 1,854 ektarya ng lupain, kasama na ang buong isla ng Deagan.

Kasangkapan ang lokal na yunit ng gubyerno, hinikayat ng Empark ang mga magsasaka na ibenta ang kani-kanilang lupa. Nangako ang kumpanya ng libu-libong pera, ang iba ay umaabot pa sa P400,000 kada ektarya. Di umano, bibigyan din ng lugar na malilipatan ang sinumang magbenta ng lupa.

Ilan sa mga kababaryo ni Manoy Jose ang nagbenta na ng lupa sa Empark. Ngunit dismayado ang mga kababaryo ni Manoy Jose nang makitang ang lilipatan ay hindi rin naman pala matatamnan – bato-bato at hindi produktibo. Ngayon, kinakasuhan at dinarahas ng Empark ang sinumang hindi lumipat, tumangging magbenta ng lupa at tumutol sa pagtatayo ng dambuhalang proyekto nito.

*Ito na ba talaga ang patutunguhan naming mahihirap?*

Kumikirot ang tagiliran ni Manoy Jose habang nagtatabas ng damo. Ilang linggo pa lamang ang nakalipas, pinagbubugbog siya ng mga blue guard, mga pribadong guwardiya ng Empark, dahil tumanggi siyang ibenta ang kanilang lupa.

Mula noong dumating ang Empark sa kanilang lugar, hindi na napapakali ang mga tao sa kani-kanilang bahay. Patung-patong na kaso ang nakahain laban sa mga magsasaka upang mapaalis sa kanilang lupa – trespassing, illegal possession, right-of-way – kahit aabot na sa limang dekada nila itong binubungkal. Mayroong binugbog matapos mapagkamalang 'Pulang araw'. Mayroong ipinatawag at isinailalim sa interogasyon nang apat na oras. Isang beses, pinagtataga at pinagbabaril ng blue guards ang magsasakang naabutan nila sa niyugan malapit kina Manoy Jose.




Ngayon, mayroon nang nakatayong upisina ng blue guard sa Brgy. Yangco. Ang masahol pa, nakakatuwang nila ang notoryosong 2nd IB sa pagsupil sa paglaban ng masang Masbatenyo.

*Kung hindi kami lalaban, ano ang mangyayari sa amin?*

Matagal nang ipinaglalaban ng magsasakang Masbatenyo ang tunay na reporma sa lupa. Hindi ito natinag mula sa pakikibaka laban sa mga despotikong panginoong maylupa at rantsero hanggang sa paglaban upang pigilan ang mga dambuhala at mapanirang neoliberal na proyekto sa prubinsya.

Maliban sa Empark, nakaamba ang malawakang pagpapalit-gamit ng lupa sa prubinsya. Aabot sa 30% ng lupain ng Masbate ang sakop ng pinagkumbinang mga minahan, Empark at pagawaan ng Matibay Cement Ltd.

Sa buong rehiyon, patuloy na lumiliit ang erya ng taniman ng mga magsasaka. Sa huling datos ng NSO, bumaba nang mahigit 3,000 ektarya ang lupang tinataniman ng magsasaka mula 1991 hanggang 2002. Sa pamamagitan ng agresibong programang pang-imprastruktura ng rehimeng US-Duterte, inaaasahang higit pa itong liliit sa mga susunod na taon.


Ngunit tulad ni Manoy Jose, marami pa ang magsasakang hindi sumusuko sa paglaban para sa tunay na reporma sa lupa. Hindi pa rin naitatayo ang MPARK-MITESEZ dahil sa malakas na panawagan ng mga magsasakang pigilan ito.

*Ano ang itutumbas ng graba, semento at magagarang istruktura sa sustenableng kabuhayang nakukuha sa mga niyugan, mayayabong na gulayan at taniman ng prutas? Walang hihigit pa sa kayamanan ng matabang lupa.*

Mayroong mobilisasyon sa sentrong bayan at naghahanda na ang asawa ni Manoy Jose na bumiyahe. Kailangang mayroong maiwan sa bawat bahay dahil maaaring samantalahin ng blue guards, militar, pulis o kahit ng DAR, ang pagkakataon upang agawin ang lupa habang walang nagbabantay. Sa mga ganitong pagkakataon, tinitiyak ng komunidad ang organisadong pagharap sa banta ng pasismo.

Mahigpit ang hawak ni Manoy Jose sa kanyang itak. Paalala ang kumikirot na sakit sa kanyang tagiliran kung bakit hindi siya maaaring sumuko. Bitbit ang determinasyong lumaya at ipaglaban ang kanilang lupa, kaisa si Manoy Jose at ang magsasakang Masbatenyo sa paglaban ng masang inaapi at pinagsasamantalahan para sa kanilang buhay, kabuhayan at kolektibong kagalingan.■

## Abanteng Kursong Pampartido, matagumpay na ilinunsad sa Kabikulan




Bilang tugon sa panawagan ng Partidong pataasin ang teoretikal na kaalaman ng mga kadre, matagumpay na ilinunsad sa isang sonang gerilya sa Bikol ang Abanteng Kursong Pampartido (AKP) noong nakaraang taon. Layon nitong higit pang palalimin ang pagkakagagap ng mga ganap na kasapi ng Partido sa teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at mahusay itong maisapraktika sa kani-kanilang gawain. Sinalamin ito sa temang "Mag-aral at isapraktika ang MLM! Kamtin ang mas mataas na antas ng digmang bayan!"

Hinati ang halos 50 mag-aaral sa apat na grupo. Bawat grupo ay mayroong kinatawan o student assistant, na siyang kumakatawan sa pulong ng mga instruktor at magpapaabot ang anumang natitirang tanong o puntong hindi naintindihan ng ibang mag-aaral. Pagkatapos ng bawat sesyon, mayroong nakalaan na panahon ang bawat grupo na pagtalakayan ang anumang nais nilang palawigin o di kaya'y magpatulong sa mga kagrupo na maintindihan ang ilang paksa.

"Mayaman ang mga talakayan! Mahusay din ang mga instruktor dahil napapasimple nila ang pagpapaliwanag sa mga konseptong dati'y nahihirapan kaming intindihin," ani Ka Pom, giyang pampulitika ng isang yunit ng hukbo.

Ikinatuwa rin naman ng mga instruktor ang pagiging sabik, pagtatanong at paghingi ng malawig na talakayan sa ilang konsepto. Lahat ng mag-aaral ay nagpaabot na higit silang nahikayat na magbasa at magpalalim ng kaalaman hinggil sa teorya ng MLM.

"Kitang-kitang interesado ang mga kasama sa pinag-uusapan at lahat ay nagsisikap na maintindihan ang mga prinsipyong nakapaloob sa MLM." sabi ni Ka Sharon, isa sa mga instruktor.


Humugot pa ng inspirasyon ang ilang mag-aaral mula sa mga talakayan upang makagawa ng mga panibagong kanta, tula at tigsik at dula. Ipinamalas nila ang lahat ng ito sa pagtatapos ng pag-aaral.

"Ang kilusan, ang Partido, ay hindi mo maihahalintulad sa isang unibersidad. Walang makakapantay dito dahil ito ay buhay at patuloy na uunlad para patuloy na dalahin sa landas ng tagumpay ang rebolusyon," paliwanag ni Ka Winnie, pampulitikang instruktor ng isang platun.

Paalala ng mga instruktor, hindi katumbas ng pagtatapos ng pag-aaral ng teorya at praktika ang pagtatapos ng isang kadre ng AKP. Gayundin, hinihikayat ang pagkakaroon ng lalo pang maraming bats ng AKP upang makatulong sa kabuuhang pagpapaunlad ng mga kadre at sa ibayong pagsulong ng digmang bayan.

"Ang pag-aaral na ito ay bahagi lang sa pagkamit ng ating sentral na tungkulin. Isa itong rekisito na kailangan natin," paliwanag ni Ka Sharon, isa sa mga instruktor. Dagdag niya, dapat tuluy-tuloy na isinasagawa ang pag-aaral hindi lang ng teorya kung hindi pati na rin ng praktika, upang higit na umunlad ang rebolusyon.

"Bukas lang ang isip natin na minsa'y nagkakamali tayo, minsan ay umaatras ngunit higit dito, siyempre, umaabante. Ang mahalaga, handa tayong matuto, magwasto at higit pang umunlad sa anumang gawain o tungkulin para sa Partido at sa rebolusyon," kanyang pagtatapos.■



## Linyang masa susi para sa masiglang kampanya sa edukasyong pampartido

Sa mga nakaraan, kinaharap na limitasyon ng rebolusyonaryong kilusan sa Camarines Norte ang relatibong mababang porsyento ng mga napapatapos sa mga edukasyong pampartido laluna sa mga batayang antas. Mangilan-ngilang bats lamang ng Batayang Kurso ng Partido (BKP) ang nailulunsad sa bawat taon. Gayundin, mababa ang kakayahang maglunsad ng Intermedyang Kurso ng Partido (IKP).

Isa sa mga salik na lumitaw ang kakapusan ng mga instruktor. Karaniwang binabalikat ng mga kasapi ng Partido na pultaym sa Pulang Hukbo ang mga pag-aaral. Dati'y nasa antas ng komiteng larangan pa ang nag-aasikaso ng mga pag-aaral sa Partido.

Sa pulong ng Komiteng Prubinsya noong 2011, pinagsumikapang lutasin ang naturang mga limitasyon sa paglarga ng edukasyong pampartido. Higit ding tumampok ang pangangailangang lutasin ito upang makatugon sa panawagang ihanda ang mga rekisitos para maabot ang sunod na subyugto ng digmang bayan.

Dulot nito, nagkaroon ng mahahalagang pasya kaugnay sa gawain edukasyon sa plenaryong pamprubinsya. Una, tiniyak ang pagkakaroon ng makinarya para sa Pamprubinsyang Istap sa Intruksyon. Ikalawa, tinugunan ang mga kinakailangang hakbang upang mapunuan ang dati ay limitadong makinarya sa instruksyon kapwa sa hanay ng Hukbo at mga sangay ng Partido sa lokalidad (SPL). Isa sa mga nakitang pamamaraan ay ang maramihan at sistematikong pagpapalitaw ng mga instruktor.

Ibinunga ng mga pasyang ito ang pagkakaroon ng programa sa paglulunsad ng serye ng mga pagsasanay sa mga instruktor sa BKP (BKP-IT). Pagsapit ng 2012, kagyat na sinimulan ang mga pagsasanay sa mga larangan. Nagtarget na ng mga sasanaying instruktor sa loob ng Hukbo. Ang lahat din ng may kakayahan maging instruktor sa SPL laluna sa hanay ng pamunuan nito ay hinikayat na maging instruktor. Bahagi na rin ito ng pagpapasapul sa mga SPL na mahalagang rebolusyonaryong gawain at salik sa pagpapalakas ng kanilang sangay ang konsolidasyon sa ideolohiya. Sa unang taon pa lamang ng pagpapatupad ng planong ito, nagkaroon na ng anim na bats ng BKP-IT na mayroong nasanay na 71 instruktor.

Ang mga ilinunsad na BKP-IT ay may katambal na mga bats ng BKP. Layunin nitong magkaroon agad ng praktikum sa pagtuturo ang bagong sanay na instruktor. Ang mapangahas na serye ng mga pagsasanay na ito ay nagkaroon agad ng direktang epekto sa pagpapalaki ng mga nakapagtapos ng BKP at bilang ng kasapian ng Partido.

Taong 2013, sinimulan na rin ang kampanya sa paglulunsad nang higit na maraming bats ng IKP. Tiniyak na ang kampanya sa IKP ay magreresulta ng konsolidasyon at magpapalakas sa pamumuno sa mga batayang organisayon ng Partido. Kung kaya, tiniyak na ang mga nasa pamunuan ng SPL o komiteng tagapagpaganap nito ay makapag-aral ng IKP.

Isa sa mga tumingkad na mahalagang salik sa kampanyang edukasyon ay ang pagpapatupad ng linyang masa. Kailangang malikha ang malawak at malalim na balon ng mga instruktor para bumalikat sa lumalawak na gawaing edukasyon para sa pagpapataas ng antas ng rebolusyon.

Hindi sasapat na umasa na lamang sa iilang instruktor sa harap ng lumalaking bilang ng kasapiang dapat mapapatapos sa mga araling MLM. Dapat turuan ang malawak na kasapian ng partido na maging mga mag-aaral at mga guro sa kanilang hanay.

Ang pagbubuo ng mga komiteng seksyon sa lokalidad ay mahalagang bahagi sa masiglang pagpapapagana ng mga naitayong makinarya sa instruksyon sa lokal na antas. Mula sa kanilang hanay, nakapaglitaw ng mga pultaym na instruktor na umiikot sa mga klaster ng baryo. Sila rin ang tumutulong sa mga SPL sa pangangasiwa ng naitayong instruktor ng mga sangay. Nakatulong din sila sa tuluy-tuloy na pagsasanay ng mga instruktor sa BKP. Ang ilang mauunlad na SPL ay nakakakapagsarili na sa paglulunsad ng mga pag-aaral sa BKP. Nitong huli rin ay nakikitang kaya nang ilunsad ang IKP sa antas-lokal. Ibinunga nito ang ibayong paglaganap ng mga pampartidong edukasyon na ilinunsad sa pamamagitan ng iba't ibang mapanlikhang pamamaraan. Napangibabawan ang mga limitasyon sa panahon, rekurso, seguridad at iba pa.

*"Kinakailangan ang mga higit na mapangahas, mapanlikha at bagong pamamaraan upang maipagpatuloy ang gawaing edukasyon sa kabila ng pananalakay ng kaaway."*

Mahalagang usapin din sa pagpapaunlad ng makinarya ng instruksyon ang pagtitiyak ng tulungan sa pagtuturo (team teaching). Mahalaga ito sa pagbubuo ng kolektibong kasanayan at kaalaman ng mga instruktor para sa mahusay na pagtuturo. Binibigyang-daan din ng team teaching ang mabilis na pagsasanay ng mga instruktor. Sa isang tim ng magtuturo, pinagsasama ang ilang sinasanay at mga makaranasang instruktor. Sa proseso, natuturuan ang mga baguhang instruktor at nabubuo ang kanilang kumpyansa sa pagtuturo.

Sa higit pang pagpapasigla at pagsisinop ng kampanya sa edukasyong pampartido ay ilinunsad noong 2014 ang Pamprubinsyang Konsultasyon sa BKP at ang pamprubinsyang kumperensya ng mga BKP instruktor. Sa naturang kumperensya, binuod ang kabuuhang karanasan sa paglulunsad ng kampanya para sa BKP. Nagkaroon din ng pag-aaral sa mga aralin sa paaralang primarya upang itaas pa ang kalidad ng pagtuturo ng mga instruktor ng BKP.

Taong 2015, nagkaroon din ng kumperensya para sa kampanya sa IKP. Nilagom dito ang mga karanasan sa paglalarga ng IKP mula sa paghahanda hanggang sa aktwal na kondukta ng pag-aaral sa IKP. Nagkaroon ng mga resolusyon sa higit pang pagpapaunlad ng pag-aaral ng IKP.

Sa kabuuhan, ang kampanya at diin sa gawaing edukasyon ay nagbunga ng relatibong mataas na porsyento ng mga nakapagtapos. Mula sa pinakahuling resulta ng mga pagtatasa, 70% na ng buong kasapian ng Partido sa prubinsya ang nakapagtapos ng BKP. Tumaas din ang tantos ng nakapagtapos ng IKP laluna sa mga nasa pamunuan ng SPL. Ang mga SPL na nagkaroon ng masiglang partisipasyon sa kampanyang edukasyon at matagumpay na nakapagpalitaw ng mga instruktor ay kinakitaan ng higit na kumpyansa sa pagsusulong ng mga gawain. Ang mga karaniwang kinakaharap na problema na dati ay iniaasa sa yunit ay mahusay na nilang linulutas sa kanilang hanay.

Sa harap ng tumitinding militarisasyon, partikular ang atake ng bersyon ng 9th ID Focused Military Operations (FMO) at pagpapatupad ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa prubinsya, hamon sa kasalukuyan kung paano isusustenі at patataasin pa nga ang inaabot ng kampanya sa edukasyon.

Mula sa mga naging aral sa nakaraan at dahil sa mahigpit na pagkapit sa linyang masa, tiyak na mabibigo ng rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya ang pagtatangka ng reaksyunaryong rehimeng supilin ang paglaban ng mamamayan. Ito rin ang magtuturo sa rebolusyonaryong pwersa ng kahalagahan ng pag-aaral ng mahahalagang teorya sa rebolusyon sa epektibong paglaban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Sa mga araling MLM, natututunan at napapalalim ng bawat rebolusyonaryo ang pag-unawa at pagnanais na itayo ang isang estadong tunay na malaya at demokratiko hanggang makamit ang sosyalistang hinaharap.■

*Ipadala ang inyong mga ulat koresponsal at iba pang kontribusyon tulad ng mga dibuho, kanta, tula at maiikling kwento sa silyabbikol1976@gmail.com. Maraming salamat!*

## Ika-51 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang sa Kabikulan

Matagumpay na ilinunsad sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ang mga pagtitipon at salu-salo upang ipagbunyi ang ika-51 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan.

Ayon sa panayam ng Silyab kay Ka Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng BHB-Bikol, naging simple ang mga pagdiriwang dahil pinili ng BHB sa Kabikulan na ituon ang rekurso sa pag-agapay sa masa sa panahon ng pananalasa ng pandemyang COVID-19.



Gayunpaman, hitik pa rin sa mga pangkulturang pagtatanghal at pananalita ang mga programa.

Ilinahad sa mga pagdiriwang ang mga kwento ng mahigpit na pag-unawa at pagtanggap ng bawat pulang mandirigma at kumander sa sakripisyong kakambal ng paglahok sa buhay-at-kamatayang pakikibaka sa layuning maitatag ang isang lipunang tunay na nagsisilbi sa sambayanan.

Pinagpugayan din ang mamamayang mapagpasyang lumalaban para sa kanilang mga karapatan at lehitimong kahingian. Silang pumapasan ng pinakamatitinding anyo ng pang-aapi at pagsasamantala ang inspirasyon ng mga Pulang kumander at mandirigman upang ipagtagumpay ang digmang bayan.

Ayon pa kay Ka Raymundo, "Tangan ang tanglaw ng Partido at pagpapakahusay sa paggampan sa kanyang gawain, patuloy na magpupunyagi ang RJC-BHB Bikol na matapat na pagsilbihan ang masa't isulong ang digmang bayan hanggang sosyalismo. Walang pag-iimbot na iaalay ng BHB ang kanilang buong panahon sa pagpupundar ng Pulang kapangyarihan sa kanayunan, pagtatanggol sa masa at pagpapalaganap ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan."■


## Magkakasunod na aksyong pamamarusa laban sa mga ahente ng militar sa Sorsogon, matagumpay

Matagumpay na isinagawa ng Celso Minguez Command (CMC-BHB Sorsogon) ang magkakasunod na aksyong pamamarusa laban sa mga ahente ng militar sa naturang prubinsya nitong buwan ng Pebrero.

Noong Pebrero 11, pinarusahan si James Pontillas, kilalang intelligence operative at myembro ng death squad ng militar sa Sityo Pangpang, Caditaan, Magallanes, Sorsogon. Sa paglilitis ng hukumang bayan, napatunayang si Pontillas ang salarin sa pagpatay kay Kgd. Arthur Dawis ng Brgy. Central, Magallanes noong Disyembre 2018. Kasabay din si Pontillas sa pananakot at panunugis sa masang Sorsoganon na kasapi ng mga progresibong organisasyon.


Noong Pebrero 24, matagumpay ding naparusahan ng isang yunit ng Pulang mandirigma si Antonio 'Hazel' Benzon Jr. Si Benzon ay umalis sa NPA matapos tumalikod sa kanyang aksyong pandisiplina noong 2017. Natiwalag siya sa Partido matapos gumawa ng malulubhang krimen laban sa masang Sorsoganon at maging masugid na kasapi ng death squad ng militar. Mula nang mapunta sa militar, sunud-sunod na kaso ang isinampa ng masa laban kay Benzon. Linitis at napatunayan sa hukumang bayan ang kanyang kaso ng panggagahasa sa isang ginang sa bayan ng Gubat at ang kanyang pagpaslang kay Kgd. Bernabe Estiller ng Barcelona noong Nobyembre 2019. Kasabwat din siya sa pagpaslang kina Ryan Hubilla at Nelly Bagasala, mga tagapagtaguyod ng karapatang tao, noong Hunyo 2019.

Ayon sa pahayag ni Ka Samuel Guerrero, tagapagsalita ng CMC BHB-Sorsogon, "Ang mga aksyong pamamarusang isinagawa ng Pulang Hukbo ay pagtugon sa malaon nang hiling ng mamamayang Sorsoganon na patawan ng rebolusyonaryong kaparusahan ang mga ahente ng militar na mayroon nang mahahabang kaso ng pang-aabuso sa masa."■



## Upisyal ng 2nd IBPA, tinanggal sa pwesto

Walang nagawa ang militar kung hindi aminin ang kanilang panloloko sa mamamayan matapos malantad ang pamemeke ng 2nd IBPA at 9th IDPA sa litrato umano ng 306 na sumuko sa Masbate noong Disyembre 2019. Sa harap ng matinding pagkundena ng masa, napilitan ang militar na akuin ang gawa-gawang kwento at mangakong parusahan ang kanilang kabaro. Dulot nito, tinanggal sa pwesto si Lt. Col. Napoleon Pabon, Commanding Officer ng 2nd IBPA noong Enero 7, 2020.



Ayon kay Ka Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng BHB-Bikol, "Hindi nakapagtataka ang ganitong mga eskandalo sa hanay ng militar. Patakaran nila ang disimpormasyon at panlilinlang upang palabasing may pinatutunguhan ang kanilang bigong kampanyang pahinain ang rebolusyonaryong kilusan."

Ayon naman kay Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, "Ang pagkakatanggal sa pwesto ni Lt. Col. Pabon ay patunay ng kakayahan at kapasyahan ng masang panagutin ang militar at ang buong reaksyunaryong gubyerno sa mga krimen nito laban sa sambayanan. Simula pa lamang ito ng malawakang pagkilos ng masa upang ilantad ang kahungkagan ng gera kontramamamayan ng rehimeng US-Duterte. Tiyak na mabibigo ang ECLIP at iba pang mga programa ni Duterte kasabay ng nalalapit na pagbagsak ng kanyang rehimen sa harap ng maigting na pagkilos ng mamamayang Pilipino." ■

## JTFB, nagtamo ng kaswalti sa Camarines Norte

Napaslang si 2nd Lt. Jose Henry Nupueto Jr., upisyal ng 96th IBPA, sa isang sagupaan sa pagitan ng isang yunit ng Armando Catapia Command (ACC-BHB Camarines Norte) at pinagsanib na pwersa ng 96th IBPA at 2nd Provincial Mobile Force Company noong Enero 22 sa Brgy. Malaya bayan ng Labo.

Ayon sa pahayag ng ACC BHB-Camarines Norte, "Mananatili ang patakaran ng BHB na magpursige sa opensibang postura sa harap na walang-tigil na operasyong militar. Walang ibang pagpipilian ang bagong Hukbong bayan kundi patatagin ang hanay  at patuloy na maglunsad ng mga aktibong depensa para mapagpasyang harapin ang opensibang militar ng Joint Task Force Bicolandia (JTFB) ng AFP at PNP."

Ayon pa sa pahayag, gagap ng lahat ng pulang mandirigma at ng mamamayan ng Camarines Norte na ang mga labanan sa pagitan ng reaksyunaryong pwersa ng AFP-PNP at Bagong Hukbong Bayan ay hindi lamang paramihan ng napapatay. Ito ay bahagi ng makauring digmang isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan laban sa kontra-mamamayan at di-makatarungang digma ng AFP at PNP na pinaiigting sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

"Patuloy na bibiguin ng mamamayan ng Camarines Norte at buong rebolusyonaryong pwersa ang di-makatarungang digma ng reaksyunaryong AFP/PNP sa ilalim ng tuta, pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte. Ang kronikong krisis ng malakolonyal  at malapyudal na sistema na nagdudulot ng laganap na kagutuman at labis-labis  na kahirapan  na nararanasan ng malawak na bilang ng mamamayan ay ang puno't dulo ng rebolusyonaryong digma. Anumang pagtatakip sa katotohanang ito ay ang pangangarap ng gising para sa pagkamit ng tunay na kapayapaan," pagwawakas ng ACC. ■

## Panghaharas ng pulis sa mga sibilyan sa Lagonoy, kinundena

Umani ng malawakang pagkundena ang panghahalughog at panghaharas at iligal na pag-aresto sa mga residente ng Brgy. Gubat, Lagonoy ng pinagsanib na pwersa ng 2nd Platoon 505th Provincial Mobile Force, Regional Mobile Force at PNP-Lagonoy noong Enero 30, 2020.

Ayon sa pahayag ng mga biktimang sina Emerlita Velasco, Domingo Velasco, Hermina Saor, Manases Casabuena at pamilyang San Juan, sapilitang hinalughog ng mga pulis ang kanilang mga bahay nang walang karampatang proseso. Sinampahan din ng gawa-gawang kaso si Roger San Juan, isa sa mga biktima. Nanindigan ang pamilya ni San Juan itinanim lamang ng pulis ang granadang nakuha umano sa kanilang tahanan.

Samantala, naglabas din ng pahayag ang Tomas Pilapil Command (TPC-BHB East Camarines Sur) hinggil sa insidente. Ayon kay Ka Baldomero Arcanghel, "Ang sapilitang panghahalughog at mga gawa-gawang kaso laban sa mga pinaghihinalaang sumusuporta sa rebolusyunaryong kilusan at kasapi ng mga progresibong organisasyon ay bahagi ng paghahasik ng takot at karahasan sa mga sibilyan sa ilalim ng MO 32 ng rehimeng US-Duterte."


Dagdag pa niya, "Ang pagtatanim ng mga ebidensya at lantarang paglabag sa karapatang tao ay kalakaran na ng pulis at militar sa kanilang mga operasyon upang palabasing lehitimo ang kanilang mga tagumpay at malayang pagpasasaan ang pabuya sa kapinsalaan ng mga sibilyan."

Nanawagan din ang TPC-BHB East Camarines Sur na maging mapagmatyag sa mga pakana at kontramamamayang hakbangin ng militar at pulis. Hinihikayat din ang masang Bikolanong maging mapanuri at magkaisa sa paglalantad at paglaban sa mapanlinlang at marahas na operasyong pulis at militar sa bisa ng MO 32, EO 70 at lahat ng anti-mamamayang pakana ni Duterte.■

## Pang-aatake ng militar at pulis sa mga magsasaka sa Masbate, kinundena

Kinundena ng masang Bikolano at rebolusyonaryong kilusan ang panibago na namang serye ng mga paglabag sa karapatang tao na naitala sa prubinsya ng Masbate noong Marso.

Nitong Marso 10 at 11, pinaslang ng mga elemento ng 91st Division Reconaissance Company, Regional Mobile Force Battalion at PNP Monreal ang mga magsasakang sina Kiko Garamay at Nongnong Hermena habang dinakip naman sina Serapin Morada at Julian Ceniza. Samantala nawawala pa rin si Amaro Bartolay noong Marso 13.



Ayon sa Pambansang Katipunan ng Magbubukid-Bikol (PKM-Bikol), ang mga abusong militar na ito, kabilang na ang sapilitang pagpapasuko ng mga sibilyan, ay bahagi ng sistematikong paglabag sa karapatang tao sa rehiyon mula nang ipatupad ang MO 32 at EO 70. Isa sa mga ginagamit ng rehimen ang Retooled Community Support Program upang makapanalasa sa mga komunidad sa kanayunan.

Ayon pa sa PKM, "Pinakamataas ang bilang ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa hanay ng mga magsasaka sa mga probinsya ng Sorsogon, Masbate at Camarines Norte, kung saan ay matindi rin ang paglaban ng mga mamamayan laban sa mga dambuhalang dayuhan ang lokal na negosyo at proyekto sa rehiyon tulad ng Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone, Quezon-Bicol Expressway (QBX) at Philippine National Railroads (PNR)-South Road."

Nanawagan din ang PKM-Bikol para sa pagkakaisa at pagtindig ng masang Bikolano laban sa pasistang atake ng rehimeng US-Duterte.■


## Militarisasyon sa panahon ng COVID-19, kinundena ng ACC

Mariing kinundena ng Armando Catapia Command (ACC-BHB Camarines Norte) ang nagpapatuloy na operasyong militar sa naturang prubinsya sa gitna ng kaguluhan sa pandemyang COVID-19.

Sa magkasunod na buwan ng Enero at Pebrero, naganap ang sunod-sunod na engkwentro sa pagitan ng 96th IB PA at BHB. Matapos ang naturang mga labanan kung saan bigo ang militar na gupuin ang mga yunit ng BHB, binibiktima ng militar ang mga sibilyan sa komunidad. Anim na sibilyan sa Brgy. Maligaya, Labo ang napabalitang hinuli at hanggang ngayon ay nakakulong. Samantala, pinatay din si Joel Mandarin, residente ng Brgy. Malaya, Labo.

Ayon sa pahayag ni Ka Carlito Cada, tagapagsalita ng ACC-BHB Camarines Norte, "Sa halip na tugunan ng rehimeng US-Duterte ang kagyat na pangangailangan ng mamamayan para sa ligtas na pagharap sa COVID-19, mas pinili ni Duterte ang pagkontrol sa mamamayan sa pamamagitan ng mala-martial law na pagkontrol ng AFP-PNP sa mga checkpoints at quarantine zones upang pigilan ang pagkalat ng epidemya

Dagdag pa niya, "Nasa napakabulnerableng sitwasyon ang buhay ng mamamayan dahil walang katiyakan na matutugunan ng rehimen ang kanilang mga pangunahing pangangailangan. Lalo pa na walang kasanayan ang mga militar sa pagtugon sa pagresolba ng epidemya at kung ano ang makakabuti para sa mga taong pinagkakamalang mayroong COVID-19 at posibleng tamaan nito. Nagdudumilat ang katotohanan na hindi handa ang reaksyunaryong gubyerno. Hindi malinaw para sa rehimeng US-Duterte kung paano tutugunan ang praktikal na problema ng mamamayan sa pagkain at kagamitang medikal sa panahong ng lockdown."



Nanawagan din ang ACC BHB-Camarines Norte sa lahat ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran, maging ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa, na magsagawa ng plano sa kani-kanilang lugar para harapin ang banta ng COVID-19. Dapat magmobilisa para sa malawakang pagpapalaganap ng impormasyon kaugnay dito at kung paano ito maiiwasan. Ipinanawagan din ng ACC ang mabilis na pagkilos ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at sub-komiteng pangkalusugan para sa ligtas na pagharap sa naturang pandemya.■

## Sibilyan, pinaslang ng PMFC sa Sorsogon

Pinaslang ng mga elemento ng 2nd Provincial Mobile Force Company (PMFC) ng PNP si Felix Chico, residente ng Brgy. Calpi sa bayan ng Bulan, may-asawa at anim na anak, habang lulan ng kanyang motorsiklo at binabaybay ang kahabaan ng Brgy. Aquino, Bulan noong Marso 3.

Ayon sa mga saksi, pauwi na si Chico galing sa munisipyo ng Bulan kung saan namamasukan siya bilang drayber ng ambulansya. Sinundan umano si Chico ng apat na lalaking sakay ng dalawang motorsiklong namataang naglalabas-masok sa kampo ng militar. Pinatigil ang biktima bago dumating sa Brgy. San Francisco at saka pinagbabaril.

Ayon sa pahayag ni Ka Samuel Guerrero, tagapagsalita ng Celso Minguez Command (CMC-BHB Sorsogon), "Gawi na ng mga tauhan ng 2nd PMFC ang pagpatay ng sinumang mapag-initang sibilyan tuwing may inilulunsad na armadong aksyon ang NPA. Matatandaang hinaras ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng 2nd PMFC nitong Pebrero 16 kung saan nasugatan si Patrolman Eric Cabilao at pinarusahan naman ng kamatayan ang taksil sa rebolusyong si Antonio Benzon, Jr. sa bayan ng Casiguran nitong Pebrero 22."■

## Anti-Terror Act at amyenda sa Public Service Act, ilinusot sa gitna ng COVID-19


Dalawang batas ang tinatangkang ilusot ng rehimeng US-Duterte sa harap ng paglaganap ng COVID-19 sa bansa.

Noong Pebrero, naaprubahan sa ikalawang pagdinig sa Kongreso ang mga amyenda sa Public Service Act (PSA) na ibayong nagbubukas sa ekonomya ng bansa para sa dayuhang panghihimasok. Sa ilalim ng mga naaprubahang amyenda, pahihintulutan na ang 100% dayuhang pag-aari sa mga dati ay protektadong larangan ng transportasyon at komunikasyon.

Gayundin, nakapasa sa huling pagdinig sa Senado ang Anti-Terror Act of 2020 (ATA) sa botong 19-2. Dinaragdagan ng pangil ng naturang batas ang mga probisyon ng Human Security Act 2007 at tuluyang tinatanggal ang iilang makataong probisyon nito. Ipinapanukala ng ATA ang detensyon at pagkakakulong ng sinumang matataguriang kahina-hinala sa loob ng dalawang linggo kahit walang warrant of arrest. Ang haba ng detensyon ay maaari pang dagdagan ng hanggang sampung araw.

Ayon kay Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, dapat higit na maging mapagmatyag ang sambayanan sa mga mapanupil at kontra-mamamayang batas na tiyak na itutulak at ilulusot ng pangkating Duterte sa gitna ng kaguluhan sa COVID-19.■

## COVID-19, linalabanan ng mamamayan




Nagpapatuloy ang paglaban ng mamamayan sa pandemyang COVID-19 na pumasok sa bansa noong Marso 11. Sa buong bansa, umabot na sa 1,488 ang apektado at 73 ang namatay dahil sa sakit. Sa rehiyon, napabalita na rin ang apat na kaso ng apektado ng naturang sakit ngayong Marso 29.

Ayon kay Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, kinakailangan sa kasalukuyan ang pagkakaisa ng masa. Dahil walang maaasahan sa reaksyunaryong gubyerno, dapat paganahin at ituon ang lahat ng maaaring rekurso para sa pagpigil ng paglaganap ng COVID-19 at pag-agapay sa apektado ng krisis na dulot nito.

Kasabay ng pagpapanawagan sa malawakang serbisyong medikal para sa lahat sa halip na mapanupil na lockdown at checkpoints ay dapat magsagawa ng mga hakbangin upang tulungan ang lahat ng manggagawa sa kanayunan at kalunsuran na maaapektuhan ang kabuhayan dahil sa COVID-19.■

## Diwa ng paglaban sa anibersaryo ng pag-aalsang EDSA, pinag-alab

Muling nanindigan ang mamamayang Bikolanong pag-alabin ang diwa ng paglaban sa paggunita ng anibersaryo ng pag-aalsang EDSA noong Pebrero 25. Mula sa panahon ng Batas Militar noon ni Marcos hanggang sa panahon ng tiraniya ni Duterte sa kasalukuyan, nagkakaisa ang malawak na hanay ng masang lumaban at magpunyagi upang wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala laban sa sambayanan. Tangan ang mga aral ng pag-aalsang EDSA, muling pinagtibay ng masang Bikolano ang kapasyahang palakasin ang paglaban upang ibagsak ang pahirap na rehimeng US-Duterte.


Iba't ibang tipo ng kilos-protesta ang ilinunsad ng mga makabayan at progresibong organisasyon sa lahat ng prubinsya ng rehiyon. Kabilang na rito ang mga candle-lighting activity at martsa-protesta na ilinunsad sa Legazpi at Naga.

Kinilala at pinagpugayan sa mga protesta ang buhay ng 114 na biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte at ang lahat ng biktima ng abusong militar sa kanayunan at kalunsuran.

Naglabas din ng pahayag ng pakikiisa ang NDF-Bikol. Ayon kay Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, "makakamit lamang ng mamamayan ang tunay na demokrasya sa pamamagitan ng pagdurog sa mapang-api at mapagsamantalang sistema. Sa gabay ng Partido, isinulong ng mamamayang Pilipino ang demokratikong rebolusyong bayan at naipamalas sa buong daigdig ang isa sa pinakamalalaki at pinakamalalakas na pakikibakang anti-pyudal, anti-imperyalista at anti-pasista."

Dagdag pa niya, "Ngayong ika-34 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA, nananawagan ang NDF-Bikol sa mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, taong-simbahan, mga kagawad ng midya at iba pang sektor ng lipunan, na muling pagtibayin ang kapasyahang lumaban para makamit ang tunay na demokrasya. Patunay ang kasaysayan sa buong daigdig na walang anumang kalupitan ng pasismo ang dadaig sa lakas ng nagkakaisang mamamayan."■

## Pandaigdigang Araw ng Manggagawang Kababaihan, ginunita




Libu-libong masang Bikolano ang dumagsa sa mga kalsada at sentrong bayan upang gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Manggagawang Kababaihan noong Marso 8. Sa temang "Ipagtanggol ang Kabuhayan at Karapatan! Labanan ang Imperyalistang Pandarambong at Pasismo ng Papet ng Rehimeng US-Duterte!", ipinanawagan ng mga kababaihan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan ang kanilang mga kahingian at ang kanilang pagkundena sa papet na rehimeng US-Duterte.

Dahil sa magkatambal na neoliberalismo at pasismo ng rehimen, doble-dobleng kahirapan at kagutuman ang dinanas ng milyun-

milyong kababaihan at kanilang mga pamilya sa buong bansa.

Kasabay ng mga kilos-protesta, naglabas din ng pahayag ng pakikiisa ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan. Sa pahayag ni Ka Raymundo Buenfuerza, tagapagsalita ng BHB-Bikol, pinagpugayan ang lahat ng kababaihan sa buong daigdig na pumipiling tumindig at lumaban para sa kalayaan ng lahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan.

Ayon pa kay Ka Raymundo, "Ang panahong lumaya ang kababaihan ang panahong lalaya ang mamamayan mula sa ilang siglong pang-aapi at pagsasamantala. Nananawagan ang RJC-BHB Bikol sa lahat ng sektor ng lipunan, laluna sa kababaihan, na ibayong palakasin ang pagkakaisa upang ibagsak ang pahirap at machopasistang rehimeng US-Duterte. Puspusang makibaka upang, sa mas nalalapit na hinaharap, ay maitayo ang isang lipunang pantay ang babae at lalaki at walang higit na mayaman at lubusang hikahos. Bukas ang mga sonang gerilya at yunit ng Pulang hukbo sa lahat ng handang tumangan ng armas at makibaka upang mapawi ang pagsasamantala."■

PRODUKSYON SA REBOLUSYON

## PAGBUBUO AT PAGPAPAGANA NG GRUPONG TULUNGAN

*Napakahalaga ng agrikultura. Maliban sa pangunahing pinagkukunan ng ikabubuhay ng kalakhan ng populasyon, ito rin ang susi sa seguridad sa pagkain ng buong bansa. Upang mapabilis at lalong maparami ang produksyon, higit na epektibo ang kolektibong pagsasaka. Isang porma nito ang pagbubuo ng mga grupong tulungan o grutul.*

---

Narito ang ilang sipi sa panayam kina Manoy Jun, isang tim lider ng grutul, at Ka Hannah, kasapi ng Sangay ng Partido sa Lokalidad (SPL) sa baryong nakasasaklaw sa grutul.

Silyab: Magandang araw, Manoy Jun at Ka Hannah! Maraming salamat sa pagpapaunlak ninyo sa panayam na ito. Para kay Manoy Jun, paano po ninyo binuo ang grupong tulungan? Mahirap po ba bumuo nito?

Manoy Jun: Magandang araw din sa inyo! Boluntaryo ang pagsapi sa isang grupong tulungan. Madali ang pagbubuo nito dahil solusyon naman siya sa praktikal na problema. aluna ngayon, talagang halos walang kakayahan ang magsasakang tamnan ang kanyang sariling lupa. Karamihan din, halimbawa sa aming baryo, ay wala namang sariling lupa kahit na gustung-gusto sanang magtanim. Minsan nga, mayroong mga pagkakataon na hindi alam ng mga magkakapitbahay na grutul na pala ang ginagawa nila!

Ang mahalaga lang naman, mapagkasunduan ng isang grupo na mag-aambag sila ng lakas-paggawa para matamnan ang parsela ng lupang mapagkakasunduan nilang ipasok sa grutul. Ang iba pang pangangailangan tulad ng panggastos sa produksyon at kagamitan sa pagsasaka ay pinag-uusapan na rin ng mga grutul. Ang aanihin nila mula rito ay tutugon na sa pangkonsumo ng mga kasapi ng grutul.

Pero hindi rin naman ganoon kadali ang pagpapagana nito! Napakaraming kailangang bakliin at matagal nang nasanay ang mga magsasaka sa indibidwal na pagtatanim. Mayroong mga pagkakataong hindi ito agad nagiging matagumpay, pero ang pinakamahalaga ay ang determinasyon ng mga kasapi ng grutul na ipagpatuloy ito at matuto mula sa karanasan. Malaking tulong ang praktika upang mapahusay ang pagpapagana nito.



Silyab: Dati na po ba kayong mayroong grutul? Paano po kayo nakumbinsi na bumuo nito?

Manoy Jun: Madalas kasing nasa baryo namin ang Pulang hukbo. Nagbibigay ng mga pag-aaral at iba pang mga aktibidad. Sa isa sa mga pag-aaral na dinaluhan namin, naibahagi nila ang karanasan ng grutul sa Tsina. Nahikayat kami sa ideya ng sama-samang produksyon.

Dahil mayroon sa aming talagang dati naman nang nagtutulungan sa pagsasaka, nagpatulong kami sa pormal nang pagtatayo ng aming grutul at pagsisistematisa sa pagpapagana nito. Dito naipaunawa sa amin na magandang panimula na ang mga tulungan namin. Kailangan na lang ng mga pagpaplano at pagtatasa para sistematikong mapaunlad ang grutul. Naging matagumpay ang una naming pagtatayo kaya mayroon nang ibang pamilya sa baryo na nahikayat na ring magtayo ng grutul!

Marami kasi talagang problemang nireresolba ang tulungan kaya madaling nahihikayat ang mga kababaryo namin. 'Yung iba dahil maliit naman ang lupa nilang magkakapatid, sa halip na hati-hatiin pa ay pinagtulung-tulungan na lang nilang sakahin. May mga kaso namang para hindi na pag-awayan ng magkakalinderos* ang saklaw ng lupa, magbubuo sila ng grutul. Mayroon ding dahil kapos sa puhunan para makapagtanim ay makikipagtulungan upang mapaliit ang gastos sa produksyon.

Silyab: Kahit sino po ba ay maaaring maging kasapi ng grutul?

Manoy Jun: Sa grutul po namin, puro kami magkakamag-anak. Pero mayroon namang ibang grutul na binubuo naman ng magkakapitbahay. Ang mahalaga, boluntaryong sasapi at mag-aambag ng lakas paggawa. Magkakalapit lang din ang bahay ng mga kasapi ng grutul para hindi rin malalayo ang lupang tataniman sa kanilang mga bahay.

Silyab: Kailangan po bang maging kasapi ng SPL bago makasali sa grutul?


Manoy Jun: Hindi po. Kahit sino mula sa baryo ay maaaring magtayo ng grutul. Hindi nga kailangang maging kasapi ng dating nakatayong grutul upang magsimula ng panibago. Ang mahalaga lamang ay bukal sa loob na mag-ambag ng lakas paggawa.

Silyab: Paano po natutukoy kung aling lupa o parsela ang gagamitin para sa grutul?

Manoy Jun: Pag-uusapan ng mga kasapi o nais magtayo ng grutul kung kaninong lupa ang gagamitin. May karanasan kaming dahil wala namang lupa ang kanyang mga kagrupo ay lupa niya ang ipinasok sa grutul. May isang karanasan naman sa kabilang baryo na dahil ipinamahagi na raw ng mga kasama ang mga lupa ay doon nagtanim ang mga taumbaryo. Dati kasing asyenda ang lupaing iyon at puro manggagawang-bukid at tenante ang nasa baryo.

Silyab: Paano po ninyo tinutukoy kung ano ang itatanim ninyo?

Manoy Jun: Ang mga kasapi mismo ang nagtatakda kung ano ang itatanim dahil sila ang nakakaalam ng kalagayan ng lupa. Pero bukas naman ang mga grutul



sa mga payo mula sa mga kasama o SPL, laluna kung mayroon na silang abanteng praktikang napulot mula sa iba pang grutul o mula sa mga isinagawang pananaliksik.

Silyab: Paano po natitiyak na lahat ay nakakapag-ambag sa grutul?

Manoy Jun: Ang pangunahing tungkulin ng bawat kasapi ng grutul ay ang pag-aambag ng lakas-paggawa. Upang tiyakin ito, mayroong tim lider o TL sa bawat grutul. Katuwang niya ang kalihim o secretary, na siyang nagtatala naman ng work points ng bawat kasapi. Mayroon ding upisyal sa pinansya, na mismong nangangalaga sa lahat ng rekurso ng grutul.

Bago magsimula ang produksyon, nagpupulong muna ang mga kasapi ng grutul para sa pagpaplano. Kasama rito ang pagtatakda ng work points at tungkulin ng bawat kasapi, oras ng paggawa, pagsasaayos ng mga kagamitan sa produsyon at pati na rin ang puhunang kakailanganin upang makapagsimula.

Silyab: Paano naman po naitatakda ang work points?

Manoy Jun: Sa pulong pagpaplano ng grutul, itinatakda ng mga kasapi ang puntos na ibibigay nila sa isang gawain sa produksyon sa bawat oras. Hindi naman pipilitin ang mga may sakit o kaya may ibang mahalagang tungkulin. Sa ibang karanasang nakita ko, napagkakasunduan nilang hindi na magtakda ng workpoints. Itinatakda naman kasi ito para sa pagsisistematisa ng hatian sa ani o di kaya'y para mahikayat ang mga kasapi na magtrabaho.

Silyab: Nagtatasa rin po ba ang grutul?

Manoy Jun: Opo, regular dapat na nagtatasa ang grutul. Ang mga kasapi na ang mismong magtatakda kung gaano kadalas at kailan, pero kadalasan, isang beses kada buwan at isang beses kada anihan. Mayroon ding mga espesyal na pagtatasa kapag may mga usaping dapat kagyat na mapag-usapan. Makakatulong iyon para maresolba ang anumang problema sa proseso ng pagpapagana ng grutul at ano pa ang maaaring gawin upang mapaunlad ang produksyon. Pagkatapos ng pagtatasa ang pagpaplano naman para sa susunod na arangkada ng pagtatanim.

Silyab: Paano naman po pinaghahatian ang gastos, ani at/o kita?

Manoy Jun: Karaniwan, para sa konsumo ng mga pamilya ng kasapi ng grutul ang ani na makukuha. Ibabawas muna ang gastos bago ito paghati-hatian ng mga kasapi batay sa workpoints. Boluntaryo ang pagbibigay ng bahagi ng ani sa Pulang hukbo. Nag-aambagan lang din ang mga kasapi ng grutul para sa panimulang puhunan.

Silyab: Sa karanasan po ng grutul ninyo, paano nakatulong ang sama-samang pagsasaka upang mapabilis ang produksyon?

**WORK POINTS**
**(GRUPONG TULUNGAN SA PALAY)**

i. Paghawan -4 oras/2 pts
ii. PagPilapil – 4 oras/ 3pts
iii. Arado – 4 oras/6 pts
iv. Suyod – 4 oras/ 6 pts
v. Pagtarok – 4 oras/ 3pts
vi. Pagabono – 4 oras/ 2pts
vi. Hilamon – 4 oras/ 3pts
vii. Pagtabas ng Pilapil- 4 oras/ 2pts
ix. Pulot kuhol – 4oras/ 2pts
x. Hilap at pagwatak – 4 oras/ 2 pts.
xi. Pag-ani – 4 oras/ 3pts
xii. Hakot – 4 oras/ 3pts
xiii. Bilad – 4 oras/ 3pts
xiv. Pag-spray – 4 oras/ 5pts

Manoy Jun: Hindi na lang kasi iisang tao ang nagtatrabaho upang bungkalin ang lupa. Higit na marami rin ang naaani dahil mas malawak na lupain ang kayang tamnan ng maraming tao sa lalong maikling panahon.

Dahil walang panginoong maylupang nagtatakda kung ano lamang ang maaaring itanim, naisasapraktika rin ng mga grutul ang polycropping at ang pagtatanim ng mga gulay o prutas na naaayon sa panahon. Namamaksimisa namin ang panahon ng tag-init o tag-ulan at natitiyak na mayroong pananim na maaaring mapakinabangan sa buong taon.

Naisasapraktika na rin ng ilang grutul ang organic farming o paggamit ng mga natural na pataba ng lupa, abono at pestisidyo. Nakatitipid ang

mga grutul na ito dahil hindi na nila kailangang umasa sa mga komersyal na produktong agrikultural. Mayroong mga karanasan na ibinebenta o binibigay na lamang ng grutul sa BHB ang ani na sobra pa sa kinokonsumo ng kanilang pamilya.

Silyab: Upang malinawan po ang ating mga mambabasa hinggil sa tungkulin ng SPL, ang mga susunod naman pong tanong ay para kay Ka Hannah. Ano po ba ang pangunahing layunin sa pagbubuo ng grutul?

Ka Hannah: Ang pagtatayo ng grutul ay pagbalikwas mula sa pyudal na kultura ng indibidwal na pagtatanim. Sa pamamagitan nito, naipapakilala sa masa kung ano ang kahalagahan ng sama-samang produksyon. Naitatayo ang mga binhi ng kooperasyon na maaari pang umunlad at yumabong sa mga susunod na panahon bilang mga kooperatiba.

Dito sa amin, may isang panahon na napakarami nang naitayong grutul. Bunga ng paglaban ng mga nauna pang henerasyon sa amin, napalayas ang panginoong maylupa kaya binungkal at tinaniman ito ng mga grutul. Nang dumating ang panahon na gusto na ulit bawiin ng PML ang lupa niya, hindi na niya ito magawa dahil napakarami nang nakatanim at ipinaglaban naming mga taumbaryo!

Silyab: Paano naman po ang SPL? Mayroon po ba itong papel na ginagampanan sa grutul?

Ka Hannah: Ang pinakamalaking papel ng SPL sa mga grutul ay ang pagpapataas ng pampulitikang kamulatan ng mga taumbaryo upang maunawaan nila bakit mahalaga ang sama-sama at organisadong pagkilos. Ipinauunawa ng mga SPL ang bentahe ng grutul kumpara sa indibidwal na pagsasaka hanggang sa mahikayat ang taumbaryo na pumaloob at bumuo ng mga tulungan sa pagitan nila. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pag-aaral o kaya ay pagtatayo ng isang modelong grutul hanggang sa praktika na mismo ang makahikayat sa mga taumbaryo.

Maaaring mayroong mga kasapi ng SPL na kasapi rin ng grutul ngunit hindi dapat puro lamang kasapi ng SPL ang bumubuo ng lahat ng mga grutul sa isang erya. Bagamat nasa plano namin ang pagtatayo ng grutul sa mga baryo, hindi namin maaaring i-atas, maging ng hukbo, na itayo na ang isang grutul. Susi sa tagumpay ng grutul na boluntaryo itong itayo ng masa batay sa inaabot ng kanilang kamulatan. Nagkaroon kami ng karanasang may mga grutul kaming itinayo sa isang erya ngunit hindi ito nagtuluy-tuloy dahil hindi pa naman talaga inaangkin ng masa ang ideya nila ang pagtutulungan.

Kapag naitayo na, nakatutulong ang SPL katuwang ng Komiteng Seksyon na nakasasaklaw sa baryo sa pangkabuuhang direksyon at paggabay sa mga grutul.

Silyab: Anu-ano po ang ginagawa ng SPL upang makatulong sa pang-angat ng pampulitikang kamulatan ng mga kasapi ng grutul?

*Ang pagtatayo ng grutul ay pagbalikwas mula sa pyudal na kultura ng indibidwal na pagtatanim.*

Ka Hannah: Nagbibigay ng mga pag-aaral o treyning ang SPL. Nakakatulong iyon para manatiling masigasig ang mga kasapi at mapalalim ang kanilang pag-intindi kung bakit mahalaga ang kolektibong pagkilos. Dapat natitiyak ang ideolohikal, pulitikal at organisasyunal na pag-unlad ng bawat kasapi. Sa ilang pagkakataon, nakakatuwang din namin ang hukbo sa pagbibigay ng pag-aaral. Nakakatulong ang mga kasamang nakakaintindi ng Ingles upang mapagtalakayan namin ang mga karanasan ng Tsina mula sa Fanshen, Shenfan, 9th Heaven to 9th Hell at iba pang babasahin.

Sa proseso ng paglalim at pagtaas ng kanilang pampulitikang kamulatan, maraming masang kasapi ng grutul ang nagiging kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at kalaunan ay nagiging kasapi ng Partido.

Silyab: Maraming salamat po at napakarami ninyong naibahagi! Sana makatulong po ito sa mga kasamang nais magpalawak at mapaunlad ang kanilang grutul.

Manoy Jun: Walang anuman! Tandaan, walang bagay na hindi kayang gawin kung panghahawakan natin ang sama-samang pagkilos!

Ka Hannah: Maraming salamat din sa inyo! Sana mahikayat ang ating mga mambabasang magsimula na ng grutul sa kanilang mga erya. Sa mga mayroon na, patuloy na magpakahusay sa praktika ng pagtatayo at pagpapagana ng mga grupong tulungan. ■

*Magkatabing lupa

Kaalamang MEDIKAL

# KONTRA COVID-19 TIPS

Napakahalagang magpalakas ng resistensya at mapanatili ang kalinisan ngayong mayroong kumakalat na pandemya. Narito ang listahan ng ilan sa mga karaniwang halaman, gulay at prutas sa kanayunan na maaari nating gamiting alternatibo at maksimisahin.



## KALINISAN

Kung walang akses sa alcohol, sabon at iba pang panlinis ng katawan, maaaring gumamit ng dahon ng bayabas. Pakuluan ang sariwang dahon, palamigin at gamitin pampaligo.

## KALUSUGAN

Para naman maagapan ang sipon o ubo, maaaring gumamit ng lagundi o oregano. Maraming pamamaraan upang gamitin ang lagundi. Isa sa pinakasimple ang pagpapakulo ng isang basong tubig kasabay ng isang dakot ng sariwang dahon. Palamigin at inumin. Para naman sa oregano, maaaring dikdikin ang sariwang dahon. Kunin ang katas at inumin. Paalala mga kasama, dalawang kutsara para sa matatanda at isa naman para sa mga bata.



## NUTRISYON

Para naman sa balansyadong pagkain, mahalagang masapul natin ang iba't ibang sustansyang mula sa tatlong kategorya nito – Ang GO, GROW at GLOW.



Ang GO food group ay mga pagkaing nagbibigay sa atin ng enerhiya para sa produksyon. Halimbawa, ang kanin. Kung walang kanin, maaaring kumain ng mais, kamote, kamoteng kahoy at ube.



Ang GROW food group naman ay nagbibigay ng protina na nagpapalakas sa ating katawan. Maaari itong makuha sa pagkain ng karne, gatas at itlog. Kung walang karne maaaring kumain ng mga gulay na mayaman sa protina tulad ng monggo, mani, bataw, patani at iba pang legumbre.



Ang GLOW food group ay binubuo ng gulay at prutas na kailangan natin para makaiwas sa sakit. Marami tayo niyan sa kanayunan! Mayroong gabi, langka, malunggay, petsay, sitaw, santol at bayabas.

Ang mga kulay DILAW na prutas tulad ng mangga, pinya at langka ay makatutulong sa pagpapalakas ng resistensya. Ang mga kulay ASUL AT LILANG gulay at prutas naman ay makatutulong upang hindi madaling mahawa sa sakit. Ilang halimbawa nito ang talong, talbos kamote at duhat.

Bilang huling paalala, mahalaga ang pagtatayo at pagpapagana ng ating mga grupong tulungan at kooperatiba para sa isang planado, nakasasapat at malusog na ekonomyang nagsisilbi sa atin. Walang sakit na hindi natin kayang harapin sa sama-samang pagkilos. May laban ang bayan!

**Puntahan ang https://tinyurl.com/ndfbikol_vids upang mapanood ang mga bidyu ng Kontra Covid-19 Tips, Jingle at iba pang bidyu mula sa Isnayp at Tigsik.*

## SA MGA BAYANING 'DI KILALA

Di man maitala sa mga pahina ng aklat
ang inyong larawan at pangalan
kayo na nagmula sa ibat-ibang saray ng lipunan
manggagawang bukod
maralitang magsasaka
mga anakpawis

Na nagpasyang tumahak sa landas
ng sakripisyo't kahirapan
upang iambag ang lakas at talino
sa pagpapalaya ng bayan

Kayo na tumungo sa iba't-ibang
dako ng kapulungan
mula sa Masbate si Ka Justine
mula sa Sorsogon si Ka Dante
at mula sa Camarines Norte si Ka Asor

Sa bundok, sa kapatagan, sa mga baybay
dagat at kaparangan
Upang imulat ang aping mamamayan
at ipursigeng itatag ang pulang kapangyarihan

Mahiyaing instruktor si Ka Dante
matiyagang GP si Ka Justine
at matatag si Ka Ason

Kayo na buong higpit na humawak sa
prinsipyong tangan
at magiting na sumuong sa lagablab ng
digmang bayan
para wakasan ang pagsasamantala't
paghahari ng iilan

Pinunit ng punglo ng kaaway ang inyong
kalamna't pinugto ang inyong hininga
kayo na mga tunay na ank ng bayan
apo ni Bonifacio, ni Dagohoy at ni Gabriela Silang
na buong tatag na umanib sa hukbong bayan at
lumahok sa armadong himagsikan

Kayo na sa pagsulong ng pakikibaka'y isinuko ang
sariling interes para sa bayan
ang inyong mga ala-alang iniwan ay itatala sa
mga pahina ng kasaysayan ng ating paglaban

Sa huling buong pusong isinuko ang sarili para sa
bayan at pulong bukas sa bayaning di kilala
muli't muli'y aming babaybayin ang mga kwento
ng inyong pagpupunyagi
ang mga aral ng inyong pagpapanday ay muli't
muling isasalin at itatagubilin
sa mga bago't patuloy na sumuong lumikha ng
rebolusyonaryong daluyong



## BIBONG HUKBO

**Kinanta sa tono ng Totoy Bibo*

Koro 1:
O ang galing
Gumaling sa pagbaril
Gumaling sa pagturo
Gumaling sa pagsayaw
Gumaling sa produksyon
Sa masa galing ang galing
Kaaway nati'y lansagin

Verse 1:
Mula bata pa ako
Alam ko na ang hirap ng lolo
Nang tumanda naman ako
Ganun din ako't tatay ko
Minulat nila ako
Kaya nalaman ko ang totoo
Ngayon akong magpapatuloy
ng pagbangon

(Ulitin ang Koro 1)

Verse 2:
Lagi akong sumasama
Sa mga trabaho namin sa hukbo
Lahat ng masa'y tuwang-tuwa
Pag kami'ypalapit na
May tapang, may puso
'Yan ang Pulang hukbo
Kaya ang tawag nila sa amin
Mga 'kasama'

(Ulitin ang Koro 1)

Bridge:
Di magtataka
Kung bakit ba ako nag-Hukbo
Dahil sa sistemang umiiral
Kaya laban tayo!
Sama-sama tayo!

Koro 2:
O ang galing
Gumaling sa pagbaril
Gumaling sa pagturo
Gumaling sa pagsayaw
Gumaling sa produksyon
Para sa masa ang galing
Tagumpay ating kakamtin (5x)

Gumaling sa pagbaril
Para sa masa ang galing
Tagumpay ating kakamtin

BATOY
KOMIKS KANG BANWAAN

